**Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa**



# PATNUBAY SA MISA

**14 Disyembre 2025 Ika-3 Linggo sa Panahon ng Pagdating ng Panginoon Taon A**

# Magsaya! Ang Panginoo'y Darating na!



*Ngayong ikatlong Linggo ng Adbiyento o Gaudete Sunday, inaanyayahan tayo ni San Pablo na magalak at alisin ang pag-aalala, sapagkat malapit nang dumating ang Panginoon.*

*Sa Mabuting Balita, hinihikayat tayo ni San Juan Bautista na maging bukas-palad, tapat, at matulungin—mga saloobing nagpapakita ng tunay na paghahanda sa pagdating ni Hesus ngayong Pasko.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Magalak nang palagian**
**sa Poon nating marangal.**
**Darating ang hinihintay,**
**ating pinananabikan,**
**Panginoon nating mahal.**

***(Fil 4, 4. 5)***

### Pagbati

***P*–**Pagpalain ang Panginoong nag-aanyaya sa ating magalak sa Kanya. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.

***B*– At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P* –**Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo ngayong Ikatlong Linggo ng Adbiyento, alalahanin natin ang ating mga kasalanan. *(Manahimik sandali.)*

***P* –**Panginoong Hesus, naparito ka upang maghatid ng mabuting balita sa mga dukha. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P* –**Panginoong Hesus, naparito ka upang aliwin ang mga nagdadalamhati. Kristo, kaawaan mo kami.

***B* –Kristo, kaawaan mo kami.**

***P* –**Panginoong Hesus, naparito ka upang magpahayag ng kalayaan sa mga alipin ng pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B* –Amen.**

### Panalanging Pambungad

***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunghayan mo ang pananabik ng iyong sambayanan sa Pasko ng Pagsilang ng Panginoon naming mahal. Pasapitin mo kami sa kagalakang dulot ng kanyang pagtubos at pasiglahin mo kami sa pagpapasalamat sa iyong kaloob sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Isa 35, 1-6a.10***

*Mamumulaklak sa ilang at ang mga bulag ay makakakita . . . . Mga bagay na inaakalang imposible ay nangyayari kapag namagitan ang Panginoon. Gayon ang nakalulugod na mensahe ng propetang si Isaias sa pagninilay niya sa pagdating ng Mesiyas.*

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**Ang ulilang lupaing malaon nang tigang ay muling sasaya, mananariwa at mamumulaklak ang ilang. Ang dating ilang ay aawit sa tuwa, ito'y muling gaganda tulad ng mga Bundok ng Libano at mamumunga nang sagana, tulad ng Carmelo at Saron. Mamamasdan ng lahat ang kaningningan at kapangyarihan ng Panginoon. Inyong palakasin ang mahinang kamay, at patatagin ang mga tuhod na lupaypay. Ito ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob: "Huwag kang matakot, laksan mo ang iyong loob. Darating na ang Panginoong Diyos, at ililigtas ka sa mga kaaway." Ang mga bulag ay makakikita, at makaririnig ang mga bingi. Katulad ng usa, ang pilay ay lulundag. Aawit sa galak ang mga pipi. Ang mga tinubos ng Panginoon ay babalik sa Jerusalem, masiglang umaawit ng pagpupuri. Paghaharian sila ng kaligayahan. Lungkot at dalamhati ay mapapalitan ng tuwa at galak magpakailanman.**

Ang Salita ng Diyos.
***B* – Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
***Sal 145, 7. 8-9a. 9bk-10***

***B* –Halina, Panginoong D'yos upang kami ay matubos.**

*R. M. Velez*




* **Ang maaasahang lagi'y Panginoon, panig sa naaapi, ang Diyos na hukom, may pagkaing handa, sa nangagugutom.** ***B.***

* **Pinalaya niya ang mga nabihag. Isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang niya'y nililingap.** ***B.***

* **Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila'y doon tumatahan. Tumutulong siya sa balo't ulila, masamang balangkas pinipigil niya.** ***B.***

* **Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion!** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***San 5, 7-10***
*Sa mga magsasaka at mga propeta noong araw, matuto nawa tayo ng matiyagang paghihintay sa katuparan ng mga pangako ng Diyos. Tinitiyak ni Santiago sa siping ito na kailanma'y di makalilimot ang Panginoon sa Kanyang mga pangako.*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Santiago

**Kaya nga't magtiyaga kayo, mga kapatid, hanggang sa pagdating ng Panginoon. Tingnan ninyo ang magsasaka. Buong tiyaga niyang hinihintay ang mahalagang bunga ng kanyang bukirin, at ang pagpatak ng una at huling ulan. Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob, sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.**

**Huwag kayong maghinanakitan, mga kapatid, upang hindi kayo hatulan ng Diyos, sapagkat malapit nang dumating ang Hukom. Mga kapatid, tularan ninyo ang mga propetang nagsalita sa ngalan ng Panginoon. Buong tiyaga silang nagtiis ng kahirapan.**

Ang Salita ng Diyos.
***B* – Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***Isa 61, 1***

***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Espiritu ng Maykapal**
**nasa akin upang hatdan**
**ang mga dukha ng aral.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Mt 11, 2-11***
*"Si Hesus ba ang hinihintay na Mesiyas?" tanong ni Juan Bautista. Sinagot ito ni Hesus sa pagbanggit sa ilang himalang kanyang ginagawa. Iyon ay mga tandang siya nga ang Mesiyas na nagpapagaling at nagbibigay-pag-asa sa lahat ng nalulumbay.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.
***B*** –**At sumaiyo rin.**
***P*** –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
***B*** –**Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon: Nabalitaan ni Juan Bautista, na noo'y nasa bilangguan, ang mga ginagawa ni Kristo. Kaya't nagsugo si Juan ng kanyang mga alagad at ipinatanong sa kanya, "Kayo po ba ang ipinangakong paririto, o maghihintay pa kami ng iba?" Sumagot si Hesus, "Bumalik kayo kay Juan at sabihin sa kanya ang inyong narinig at nakita: nakakikita ang mga bulag, nakalalakad ang mga pilay, gumagaling ang mga ketongin, nakaririnig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinangangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. Mapalad ang taong hindi nag-aalinlangan sa akin!"**

**Pag-alis ng mga alagad ni Juan, nagsalita si Hesus sa mga tao tungkol kay Juan: "Bakit kayo lumabas sa ilang? Ano ang ibig ninyong makita? Isa bang tambo na inuugoy ng hangin? Ano nga ang ibig ninyong makita? Isang taong may maringal na kasuotan? Ang mga nagdaramit ng maringal ay nasa palasyo ng mga hari! Ano nga ba ang ibig ninyong makita? Isang propeta? Oo. At sinasabi ko sa inyo, higit pa sa propeta. Sapagkat si Juan ang tinutukoy ng Kasulatan: 'Narito ang sugo ko na aking ipinadadalang mauuna sa iyo; ihahanda niya ang iyong daraanan.'**

**Sinasabi ko sa inyo: sa mga isinilang, wala pang lumilitaw na higit na dakila kay Juan Bautista; ngunit ang pinakaaba sa mga taong pinaghaharian ng Diyos ay dakila kaysa kanya."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Habang nananalig tayong tutupad ang Panginoon sa Kanyang mga pangako, idulog natin sa Kanya ang mabibigat nating problema sa mga araw na ito. Nagtitiwala sa Kanyang pagmamahal, manalangin tayo:

***B*** **–Ama ng lahat ng kasiyahan, dinggin Mo kami.**

* Para sa lahat ng Katoliko sa buong mundo: nawa ang Adbiyento ay maging bukal ng biyaya at pag-asa habang pinananabikan natin ang pagdiriwang ng Kaarawan ng Panginoon. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng iba pang pinunong espirituwal: nawa mapukaw nila sa atin ang tiwala't pananalig habang nagsisikap silang tumugon sa maraming hamon ng ating panahon. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng nalilito't di makakita ng kahulugan sa kanilang gawai't pagdurusa: nawa ang tapat nating pagtulong ay magdulot ng kailangan nilang liwanag at pampasigla. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga sumusunod sa mga maling mesiyas ng pakinabang, kasikatan, kasiyahan, at kapangyarihan: nawa maisip nilang si Hesus lamang ang ganap na makatutugon sa pinakahahangad nila. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** –O Diyos Ama, kahahabagan Mo ang maraming nagtitiis ngayon ng iba't ibang anyo ng kahirapan. Ipadama Mo ang nakagiginhawang Presensya ng Iyong Anak na si Hesus, pagkat siya lamang ang aming pag-asa at kaligtasan, at nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.
***B*** **–Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo . . .
***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** –Ama naming Lumikha, maihain nawang lubos ang matapat naming paglilingkod sa pagganap sa itinatag ng iyong Anak at sa pakikinabang sa iyong pagtubos sa aming lahat sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen.**

### Unang Pagbubunyi o Prepasyo sa Panahon ng Pagdating

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** **–At sumaiyo rin.**
***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
***B*** **–Itinaas na namin sa Panginoon.**
***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
***B*** **–Marapat na siya ay pasalamatan.**
***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating, ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapanapanabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*** **–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*** **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**
***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** **–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lakasan ang inyong loob,**
**kayo ay huwag matakot.**
**Dumarating ang Poong D'yos**
**upang tayo ay matubos**
**at sa kanya'y makadulog.**
***(Is 35, 4)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** –Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan namin ngayon sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ay magpagindapat nawang kami'y maging handa para sa Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** **– Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** **–At sumaiyo rin.**

*P* –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

–Naniniwala kayong minsang dumating sa atin ang Anak ng Diyos; tinatanaw ninyo ang kanyang pagbabalik. Hatdan nawa kayo ng ilaw ng kanyang kabanalan at palayain kayo ng kanyang pagpapala.

*B* –**Amen.**

*P* –Itulot nawa ng Diyos na kayo'y maging laging matatag sa pananalig, masaya sa pag-asa, at walang pagod sa pagmamahal.

*B* –**Amen.**

*P* –Nananabik kayo sa nalalapit na pagdiriwang ng kaarawan ni Kristo. Sa muli niyang maluwalhating pagdating, gantimpalaan niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

*B* –**Amen.**

*P* –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* –**Amen.**

*P* –Humayo kayo sa kapayapaan ng darating na Panginoon.

*B* –**Salamat sa Diyos.**

## "MAGSAYA!"

***• Jess P. Balon***

"Sinabi ni San Pablo sa mga taga-Filipos, "Magsaya! Inuulit ko, magsaya!"—isang paanyayang tila mahirap paniwalaan noong panahon ng Imperyong Romano, kung saan marami ang alipin at pinahihirapan. Gayunman, sa kabila ng kasamaan at kawalang katarungan, tiniyak ni Pablo na may dahilan upang magalak: "Malapit na ang Panginoon!" Ito ang pinagmumulan ng kanyang pag-asa at katiyakan na darating ang panahon ng tunay na kapayapaan at katarungan.

Ang "pagiging malapit" ng Panginoon ay tumutukoy sa Kanyang Presensya sa ating piling, tulad ng pangako ni Kristo: "Ako'y laging kasama ninyo hanggang sa wakas ng panahon." Ipinapaalala rin nito ang Kanyang muling pagdating bilang Hukom na magtutuwid sa lahat ng mali. Kaya't kahit napalilibiran ng kasamaan, nananatili ang kagalakan ng mga sumasampalataya sapagkat alam nilang nasa kamay ng Diyos ang lahat.

Sa ating panahon, tila marami ring dahilan upang mawalan ng pag-asa—mga digmaan, kahirapan, karahasan, at kawalang-katarungan. Ngunit nananatiling paanyaya ng Simbahan: "Magsaya, inuulit ko, magsaya!" Ang ating kagalakan ay nakaugat hindi sa kaginhawahan kundi sa pananampalatayang ang liwanag ng Diyos ay hindi kailanman magagapi ng kadiliman. Sa gitna ng lahat ng pagsubok, nananatili Siyang kasama natin—ito ang tunay na dahilan ng ating kagalakan.







WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua